Ebanghelyo ayon kay Mateo 8: 5-13

Isang pangunahing kawal na minsang lumapit kay Hesus at nakiusap sa Kanya: “Ginoo, nakahiga sa bahay ang aking alipin. Lumpo siya at sobra na ang paghihirap.”
“Paparoon ako at pagagalingin siya,” sabi ni Hesus.
Ngunit sumagot ang kawal sa Kanya: “Ginoo, hindi po ako karapat-dapat na puntahan pa Ninyo sa aking bahay. Sabihin po lamang Ninyo at gagaling na ang aking alipin.”
At sinabi ni Hesus sa kawal: “Umuwi ka at mangyayari ang pinaniniwalaan mo.” Noon di’y gumaling ang alipin ng kawal.



Hesus, ako’y dumudulog na turuan mo ako kung paano manalangin sa Iyo para sa kagalingan ko.